

# Kagandahan sa Panahon ng Globalisasyon\*

---

Sylvia Estrada-Claudio

*This paper discusses globalized cultural concepts of beauty as culled from locally published fashion and gossip magazines. It looks at the sexist, ageist, racist and consumerist constructions currently being mainstreamed. It also looks at the power dynamics that underpin these constructions by surfacing data on the transnational nature of local magazine publishing and the influence of western conceptions even on locally published material. It then traces earlier conceptions of beauty and attractiveness by looking at classical love songs and the literature on beauty from the body of work of Philippine Psychology. Finally, the author challenges practitioners of Philippine Psychology to actively participate in reconstructing and modernizing cultural conceptions of beauty and personhood that reaffirm the discipline's goal of establishing more liberational theories and practices.*

Sa panahong ito ng rumaragasang globalisasyon, hinaharap ng Sikolohiyang Pilipino ang isang matinding hamon. Paano nga ba natin iintindihin ang mabilis na pagpapalitan ng mga produktong kultural na dala ng mga bagong teknolohiya?

---

\* Nirebisang papel na unang binasa sa ika-30 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino 24-26 Nobyembre, 2005, Far Eastern University Conference Center, Manila.

Dalawa ang aspeto ng globalisasyon: kultural at ekonomiko. Sa larangan ng ekonomiya, tila yata kakaunti na lamang ang mga bansa sa mundo na hindi malayang pinapasok ng produkto at kapital ng ibang bayan. Dala ito ng globalisasyon, isang bagong yugto ng kapitalismo na lumulusaw sa mga dating hadlang sa internasyunal na pangangalakal at pinansya. Dahil sa globalisasyon, tinatanggal ng mga pangdaigdigang organisasyon tulad ng World Trade Organization (WTO), ang kapasidad ng mga estado na protektahan ang sariling mamamayan laban sa mga di-makatarungang patakaran sa pangangalakal. Pati na ang mga batayang serbisyong sosyal—kuryente, tubig, pabahay, edukasyon, kalusugan—ay pinagkakakitaan ng mga pribado at banyagang kumpanya. Dagdag pa, ang kabuhayan ng ating mga mamamayan ay nalalagay sa peligro. Ang mga manggagawang agrikultural ay natatalo sa bentahan sapagka't binabaha ang merkado ng murang produktong agrikultural ng mga bansang nagbibigay ng mga dambuhalang subsidyo sa agrikultura. Ang mga “sweatshops” sa export processing zones ay pinupuno ng mga babaeng manggagawang nagtatrabaho para sa kakarampot na sweldo. Resulta ito ng pagpasok ng ibang sistema ng produksyon, ang tinatawag na “post-fordist production,” kung saan hiwa-hiwalay na ang iba't ibang yugto ng produksyon, at iniluluklok ang mga yugto na ito sa iba't ibang sulok ng mundo. Kung hirap ang mga kababaihan sa pormal na pagawaan, higit na naghihirap ang mga kababaihan na nagtatrabaho ng mga subcontract na por piraso sa loob ng mga tahanan. Di na makatao ang haba ng oras ng trabaho nila at napakababa ang sueldo, walang pormal na benepisyo at wala rin ang proteksyon ng mga unyon. Sa hirap ng ganitong kalagayan, ang mga anak na musmos ay napipilitang magtrabaho upang tumulong sa kanilang mga ina.

Marahil mayroong ilan sa inyong malapit nang mainip sa akin. Alam kong may kalayuan ang larangan ng ekonomiya sa paksang itinalaga sa akin. Nguni't minabuti kong ilatag ang kasalukuyang sitwasyon ng bayan bilang pagbabalik-tanaw sa mga simulain ng

Sikolohiyang Pilipino. Alalahanin na nagsimula ang disiplinang ito sa dekada 70 ng nakaraang siglo mula sa isang pangkalahatang kritisismo sa neo-koloniyal na kalagayan ng bansa at ang epekto nito sa akademya. Naniniwala ang mga nagtatag ng disiplina na ang isang epektibong sikolohiya ay hindi maaring ihiwalay sa hangarin ng ating mamamayan para sa kasarinlan at kaunlaran.

Nais ko lamang ipaabot ang aking opinyon na kailangan nating sariwain ang ating pagusuri sa lipunang Pilipino matapos ang higit sa tatlong dekada ng pagsasapraktika ng Sikolohiyang Pilipino. Hangad ng papel na ito na maipakita ang halaga ng ganitong klaseng pagtatasa. Sapagka't ang globalisasyon ay hindi lamang isang ekonomikong penomenon. Napakalaki rin ang epekto sa ating kultura.

### **Kultural na Globalisasyon**

Napakadali ng komunikasyon ngayon. Dahil sa internet, madaling magbahanginan ang ordinaryong tao sa iba't ibang sulok ng mundo. Madaling malaman ang mga katha ng iba. Madaling makahanap ng kalaban o ka-kosa. Ang teknolohiya na nagbibigay daan sa lahat ng ito ay isang mahalagang salik ng ekonomikong globalisasyon.

Ang kultural na globalisasyon ay isang penomenon na higit na napabilis ng mga makabagong teknolohiya na siya ring nagbigay daan sa ekonomikong globalisasyon. Sa madaling salita, ang kultural na globalisasyon ay ang pandaigdigang pagpapalaganap ng kultura. Sa partikular, ang mga aspeto ng kultura tulad ng wika at iba't-ibang aspeto ng identidad tulad ng etniksidad, relihiyon, nasyonalidad ay hindi na ngayon nakatali sa isang heograpikal na espasyo na malinaw ang mga hangganan (Appuradai, 1999). Ang paglalakbay, pagbebenta ng mga kultural na produkto tulad ng CD at DVD at libro mula sa iba't ibang

bayan at ang mabilis na komunikasyon ay nagdadala ng bagong antas ng pakikipagpalitan at bahanginang pandaigdig.

Makikita ito sa ordinaryong halimbawa na hindi kasing hirap ang buhay ngayon ng ating overseas Filipino workers sapagka't maari na silang mg-text at chat kaya't araw-araw na nilang nakakausap ang pamilya. Sa internet makikita ang mga "social networking sites" ng mga Ilonggo, Ilokano, atbp. Nakatutuwa na rin ang mga "hybrid" Pinoy: mga basketbolista na nalalahian ng matatangkad na taga-Africa; mga pोगing artista na halong Pilipino at Israeli. Personal kong ikinatutuwa ang paglaganap ng mga restawran na ang mga putahe ay pagkain ng mga taga-Middle East na siyang natutunang lutuin ng mga Pinoy na nagtatrabaho doon. Personal ko ring ikinatutuwa na marami sa mga kababayan natin ang natututo na magbigay respeto sa iba't ibang relihiyon at pananampalataya dahil naranasan na nila ang mamuhay sa bansang hindi Katoliko ang karamihan. Hindi rin matatawaran ang pagbawas ng mga rasistang paniniwala tulad ng pagkatuwa sa mga puti o pagkamuhi sa mga itim ang balat ng mga kababayan nating nakasama na ang iba't ibang lahi dahil sa kanilang paglalakbay. Pati na ang mga proseso, institusyon at kapamaraan ng demokrasya ay maari ding maging globalisado. Halimbawa dito ang nagiging mahalagang papel ng mga internasyunal na kasunduan tungkol sa karapatan at kalikasan at mga transnasyunal na organisasyon ng mga aktibista na tumutulong sa pagbabantay laban sa katiwalian, pagyurak sa karapatan, pagsira sa kalikasan (Estrada-Claudio, 2007).

Kaya't ang paglawak ng kakayanan na magbahaginan ay lumilikha ng isang globalisadong kultura. Sa isang banda, nagdadala ito ng magagandang bagay tulad ng demokratisasyon at higit na pagkakaintindihan. Nguni't ang mga proseso ng kultural na globalisasyon ay nagaganap sa isang sitwasyon ng di pagkakapantay-pantay. Kaya't ang kulturang globalisado sa ngayon ay hindi pa rin naka-ugat sa pantay na respeto sa iba't ibang kultura ng mundo. Hindi

pa ito nababatay sa pinaka-makataong mithiin ng sanlibutan. Bagkus, nagiging globalisado ang kultura ng mga makapangyarihan. Ito'y isang kulturang nakabatay sa tubo. Kulturang nagpapatibay sa pang-aapi na batay sa uri, sa lahi, sa kasarian. Isang kulturang pinapa-igting ang hidwaan at hindi pagkakasunduan ng iba't ibang etnisidad, nasyunalidad at tradisyon ng pananampalataya. Isang kultura kung saan pati na ang rebelyon at protesta ay binabaliktad upang pagkakitaan (Klein, 2002).

### **Mga Fashion Magasin**

Bilang paghahanda para sa papel na ito, tumingin ako sa mga fashion magasin. Pagkatapos ay nagbukas ako ng talasalitaan at nakinig sa mga tradisyunal na kundiman.

Aaminin ko na hindi papasa sa estriktong patakaran ng empirikal na pananaliksik ang aking metodo. Sa totoo'y bumisita lamang ako sa tindahan ng dyaryo at magasin sa kanto namin at sa isang malaking bookstore. Nanuod ako doon at bumili ng ilang magasin at binasa. Binisita ko rin ang mga website ng dalawang pinakamalaking tagapaglathala ng mga fashion magasin. Inilabas ko ang paborito kong CD ni Ric Manrique, Jr. Yan ang aking maliit na sampol.

Nguni't kapansin pansin ang kawalan ng fashion magasin na nakasulat sa mga wikang katutubo. Lahat ay nasa Ingles! Heto ang listahan ng mga magasin na nakita ko sa tindahan na malapit sa aming tirahan: "Marie France," "Cosmopolitan," "Candy," "Good Housekeeping" at "Real Living." Ayon kay Chua (2004) mahigit 50 ang ganitong klase ng magasin sa merkado ngayon. Ang ilan ay mga may *licensing agreement* sa banyagang tagapaglathala tulad ng "Cosmopolitan" o "Redbook." Ang ilan naman ay lokal, tulad ng "Candy" at "Mega."

Ang nasa wikang Filipino na nakita ko ay dalawa lamang: “Hi” at “The Buzz”. Mayroong mga ka-tipong Ingles ang mga ito, “Star Studio,” “Celebrity Connect,” “Yes,” “Ok-Philippine Edition.” Nguni’t nang binasa ko ang dalawang magasin na nakasulat sa Filipino, ito’y puro chismis tungkol sa mga artista at showbiz. Dahil sa aking pananaliksik ay alam ko na ang “latest” tungkol sa mga naghihiwalay na love team, pinagtatambalang bagets, pang-11 na pangangaliwa ng isang popular na mang-aawit sa 15 anyos na kapatid ng isa pang starlet, demandahan ng artista at plastic surgeon.

### **Sino ang Maganda?**

Habang nagbabasa, may nakikita akong ilang pamantayan tungkol sa kagandahan, libog, pagiging kaakit-akit. Sa mga tsismis magasin, malinaw naman ang mga pamantayan: bata, payat, matangkad at “seksy.” Makikita ito sa mga tipo ng mga ginagawang star na mapuputi ang kutis, malalaki ang suso, walang tiyan, makipot ang balakang, mahaba ang binti. Nakikita ito sa di-matagong pagnanasa at pagkalibog ng mga kolumnista kapag ang pinag-uusapan ay ang mga batang starlet na kinse anyos pa lamang. Nakikita ito sa pagiging komedyante na lamang ng mga maiitim ang balat at sarat na ilong. Mayroong mga artikulo rin na nagsasabing “ok” din ang career ng isang starlet kahit 5’1” lang ang taas niya; na kahit matanda na ang isang tanyag na aktres ay maganda pa rin siya. May isang nagbabala sa isang komedyanteng morena na huwag magpaloko sa mga Europeanong tatangkilik sa kanyang “exotic” na kagandahan at “mag-concentrate na lamang sa career.”

Nguni’t ang pinakalantad na pagtukoy sa kagandahan ng mga magasing tagalog ay nakikita sa mga ads para sa sabon at make-up. Labing-anim ang mga ads na inilista sa sumusunod na talaan:

Dalas	Paksa	Wika
2	Make-up	Ingles
1	Sabon	Ingles
1	Body Butter	Ingles
1	Skin care line	Ingles
1	Iba't ibang magasin ng isang publisher	Ingles
1	Pa-kontest ng isang brand ng tsokolate	Ingles
1	Baby diaper	Ingles
1	Alak	Ingles
1	Money transfer	Ingles
1	Gatas	Filipino
1	Sandwich spread	Filipino
2	Istayon ng radyo	Filipino
1	Bagong teleserye	Filipino
1	Bagong sine	Filipino

\*Mula sa Hi! (September 16-31, 2005) at The Buzz (October 2005)

Kapansin-pansin na kahit sa mga lathalaing Filipino, Ingles ang mga ad ng mga produktong pampaganda, kahit humigit kumulang na 25% ang ads na Filipino at ganuon din ang porsyento ng ads ng mga produktong pampaganda. Sa mga magasin naman na Ingles, nakararami ang mga ads tungkol sa mga pampaganda at palamuti. Siyempre pa, Ingles. Ang pagdami ng mga produktong pampagandang ibinebenta ang sanhi ng pagkabuhay ng napakaraming magasin. Sa taong 2003, P1.2 B ang kinita ng mga magasin sa ads ng mga produktong ganito (Chua, 2004).

### **Elitismo at Komersyalismo**

Malinaw na ang globalisadong kulturang kinakaharap natin ay nakatali sa elitismo at komersyalismo. Sino nga ba ang makakabili sa mga palamuti at pampaganda kung hindi ang mga mayayamang marunong mag-

Ingles? At dito natin makikita ang pagkakaisa ng ekonomikong globalisasyon at kultural na globalisasyon. Ayon ulit kay Lisa Gokongwei ng Summit publications na siyang pinakamalaking tagapaglathala ng ganitong tipong magasin:

Nandyan ung mga banyagang *advertiser* na susundan ang lathalain tulad ng *Cosmo*. Kapag inilunsad ang *Cosmo* sa anumang lupalop ng mundo, sasama ang Estee Lauder at L'Oreal. (*Akin ang salin. You have foreign advertisers who will go with the publication like in Cosmo. Whenever you launch Cosmo in any part of the world, Estee Lauder and L'Oreal will follow.* Sinipi ni Chua 2004) .

Nguni't nakakatakot rin ang kapasidad ng mga magasin na abutin ang karamihan. Ayon na mismo kay Gokongwei, 90% ng kanilang benta ay sa mga newstand (Chua, 2004). Di nakakapagtaka na naganap ang aking munting pananaliksik sa tindahan sa aming kanto na nasa gilid ng isang komunidad na maralita.

Ayon kay Gauntlett (2002), ang mga paksa na pinakamadalas talakayin ng mga magasin na nakita ko sa tindahan ay ang sex, fashion at kagandahan. Gayundin naman ang pagsusuma ni Chua (2004) sa nilalaman ng mga lokal na franchise at lokal na lathalaing Ingles. Nguni't ang wika at diwa ng mga kanluraning fashion magasin ay nagdadala ng mga dagdag na problema. Sa larangan ng kagandahan, ang mga magasin na ito'y nagpapalaganap ng mga pamantayan ng kagandahan na seksista at rasista.

Hindi kaya't kasukdulan nang pagtatraydor sa sariling kultura ang tawagin ang kayumangging balat at sarat na ilong na "ethnic"? Kung ganito na ang lumalabas sa mga popular na magasin na Tagalog, di nakakapagtaka na ang mga lokal na bersyon ng mga dayuhang franchise ay higit na masahol. Ayon ulit kay Gokongwei (Chua, 2004), sinusunod lang nila ang pormula ng mga banyagang magasin. Sa totoo'y halos lahat ng artikulo ng mga magasin na franchise ay pareho sa orihinal. Ang



pinapalitan lang daw ay ang mga modelo sa mga magasin na panlalaki tulad ng FHM, sapagka't higit na gusto ng mga Pilipinong lalaki ang mga modelong Pilipina. Ito siguro ang pinakamalupit na kombinasyon—ang isang elitista, seksista at makakanluraning diwa na bibigyang buhay ng mga imaheng mala-Pilipina.

### **Mapanganib na Kagandahan**

Malupit ang epekto ng mga pamantayang ito sa mga nagbabasa ng mga magasin. Halimbawa, pinananukala ni Wolf (1992) na kaalinsabay ng pagbibigay-diin sa katawan at kapayatan sa mga fashion magasin ang nakaka-alarmang pagtaas ng mga *eating disorders* sa hanay ng kababaihan. Nagsabi na rin ang British Medical Association (2000) na:

...ang antas ng kapayatan ng mga [fashion model] ay hindi kayang tularan at hindi karapatdapat, hindi rin siya mabuting modelo para sa mga kabataang babae. (*Akin ang salin. ...the degree of thinness exhibited by [fashion models] is both unachievable and also biologically inappropriate, and provide unhelpful role models for young women.*)

Hindi lang pisikal na kalusugan ang napapanganib. Heto ang sinabi ni Liz Jones, ang editor ng Marie Claire na nangasiwa sa panahong naging pinakapopular na magasin ito sa UK, nang siya ay magbitiw nuong 2001:

Nagsawa na lamang ako na magtrabaho sa isang industriya na nakukunwaring magbigay ng suporta sa kababaihan habang araw-araw naman silang binobomba ng mga imposibleng imahe ng kaganapan, na siyang nagpapahina ng kanilang tiwala sa sarili, sumisira sa kanilang kalusugan at hinihiwalay sila sa pinaghirapan na pera (*Akin ang salin. I had simply had enough of working in an industry that pretends to support women while it bombards them with impossible images of perfection day after*

*day, undermining their self confidence, their health and hard-earned cash.* Sinipi ni Gauntlett, 2004).

Isipin na ang tinutukoy ni Jones ang mga kababaihang Inglatera. Kung imposibleng abutin ng mga ito ang pamantayan ng kagandahang ipinapairal ng mga magasin na hango pa rin sa kultura nila, gaano na ka-imposibleng abutin ito ng ordinaryong Pilipina? Pansinin na di papasa ang karamihan sa atin sa kaputian, kanipisan ng labi, hugis ng mata at tangos ng ilong. Nguni't hindi rin natin kayang pumasa sa taas, sa haba ng mga hita't braso, sa liit ng balakang, sa laki ng suso—mas malapit ang isteryotipo sa katawan ng mga puti.

Ayon na rin sa ilang manunulat na peminista, ang pagbibigay diin sa panlabas na kagandahan at pagiging kaakit-akit sa lalaki ang naging reaksyon ng patriyarkiya sa mga tagumpay ng pakikibaka ng kababaihan. Partikular pa, nilulusaw nito ang mga tagumpay ng kababaihan sa pag-angkin ng sariling katawan at sa pagtuklas ng sariling pagnanasa at libog. Ang pagsisikap na ito ay sentral sa tinawag na karapatang sekswal at re produktibo. Ayon kay Wolff (1992), hindi aksidente ang mala-pasistang pagpataw ng iisang pananaw tungkol sa sekswalidad, katawan at pagnanasa ng kababaihan na nakikita sa mga fashion magasins. Sinasangayunan ito ni Faludi (1991) na naniwalang isang aspeto ito ng reaksyon o *backlash* ng patriyarkiya laban sa kababaihan.

## Liwanag at Kagandahan sa Lumang Kundiman

Matapos akong tumingin sa talasalitaan, nakinig naman ako sa ilang kundiman. Nagulat ako sa dami ng mga titik na patungkol sa kagandahan at liwanag o ilaw. Isang halimbawa ay ang “Bituing Marikit,” musika ni Nicanor Abelardo, titik ni Servando de los Angeles:

*Bituing marikit sa gabi ng buhay  
Ang bawat kislap mo'y ligaya ang taglay.  
Yaring aking palad iyong patnubayan  
At kahit na sinag ako'y bahaginan.*

Heto pa ang titik ng "Madaling Araw" ni Jose Corazon de Jesus:

*Madaling araw na sinta,  
Liwanag ko't tanglaw.*

Heto pa ang isang ehemplo mula sa isang anonimong makatha:

*O, ilaw  
sa gabing madilim  
Wangis mo'y  
bituin sa langit  
O, tanglaw  
sa gabing tahimik  
Larawan mo Neneng  
nagbigay pasakit.*

Mula naman sa panulat ni Francisco Santiago heto ang koro ng Anak ng Dalita:

*Sa dilim ng gabi  
Aking nilalamay  
Tanging larawan mo  
Ang nagiging ilaw.*

Nguni't ang ilaw ay hindi lang metapora para sa romantikong pag-ibig. Ang kundimang Jocelyn Baliwag ay awit ng mga Katipunero sa panahon na kailangan nilang maging matalinghaga upang maiwasan ang kalupitan ng mga Espanyol. Ang sinasambang dilag ay walang iba kundi

ang bayan. Heto ang ehemplo ng pagmamahal sa bayan na isinasaad sa pamamagitan na naman ng metapora ng liwanag:

*Pinopoong sinta niring kaluluwa,  
Nakakawangis mo'y mabangong sampaga;  
Dalisay sa linis, dakila sa ganda,  
Matimyas na bukal ng madlang ligaya.  
Edeng masanghayang kinaluluklukan  
Ng galak at tuwang katamis-tamisan;  
Handa kang maningning na ang matunghaya'y  
Masamyong bulaklak agad sumisikal.*

Sa konspeto na ito ng kagandahan, nagniningning sa paningin ng nagmamahal ang kanyang minamahal. Hindi malayo ito sa ordinaryong karanasan. Para sa akin, iba ang ningning sa mukha ng aking mga anak. Nagliliwanag ang bahay kapag umuuwi ang mga makukulit! Kaya't para sa akin, hindi kalabisan na itulad ang ningning ng mga minamahal sa liwanag ng araw o tanglaw ng buwan at bituin.

Kabaliktaran ang pinangangalandakang konsepto ng liwanag ng mga ads para sa produktong pampaganda. Heto ang halimbawa mula sa isang ad tungkol sa "Body Butter, Ever Beautiful:"

Sinasariwa ng Papain extract ang natural na kinang ng balat. (*Akin ang salin. Papain extract restores the skin's natural light.*)

Ipinapakita ng halimbawang ito na kaakit-akit ang balat ng isang babae (ang ad ay may babaeng nakaposturang pa-sexy) kung ito'y maningning. Baliktad na nga! Kung sa mga kundiman ay gumaganda ang minamahal, sa ad ay kailangan ka munang gumanda bago ka mahal. Ayon sa mga kundiman ang isang babae ay kasing

liwanag ng araw sa mata ng nagmamahal sa kanya. Sa ilalim ng rehimen ng komersyalisadong kagandahan, limitado na lang siya sa natural na kintab ng kanyang balat. At kung sakali man ay magkulang ang kintab na ito, may mabibili sa botelya.

### **Kagandahang-Loob**

Malinaw ang pagkakaiba ng mga kahulugan na ibinibigay ng globalisadong kulturang popular sa mga tradisyunal na konsepto natin. Matapos akong tumingin ng magasin at kundiman, nagbuklat ako ng talasalitaan. Anupa't nakita ko ang salitang "kagandahang-loob" na salungat sa konstruksyon ng kagandahang panlabas na isinisiwalat ng mga magasin. Malalim ang pakahulugan ng ating kultura sa kagandahang-loob. Dapat din na bigyan ng diin na ang kagandahang loob ay isang katangian na walang pinipiling kasarian.

Mayaman na ang kaalaman ng Sikolohiyang Pilipino sa konsepto ng loob. Ang kagandahang loob ay isang katangiang sumasakop sa buong pagkatao--isip, mithiin, diwa at gawa. Isang konsepto ng pagkataong hindi kayang pagkakitaan, hindi puedeng bilhin.

Ayon kay De Mesa (sinipi ni Miranda, 1988) ang loob ay:

Loob ang panloob na katotohanan, ito ang sentrong tagapag-ayos ng pantaong realidad. Ito ang larangan ng pagiging nilikha na siyang batayan ng kaisipan, damdamin at pagkilos. Samakatuwid, loob, ang panloob na sarili, ay buod ng pagkatao, kung saan nakasalalay ang tunay na halaga ng isang tao... *(Akin ang salin. Loob is man's (sic) interior truth since it is the ultimate, organizing center of human reality. It is the very zone of creaturehood which is the substratum of ideas, feeling*

*and behaviors. Thus, loob , the inner self, is the core of one's personhood and where the true worth of the person lies... )*

Dagdag pa ni De Mesa, ang loob ay isang konsepto na may elemento ng pakikipagrelasyon. Di naman ito nakakapagtaka sapagka't ang konsepto ng pakikipagkapwa ay sentral din naman sa konsepto ng pagkatao (Enriquez, 1990), tulad ng konsepto ng loob.

Ang may kagandahang loob ay lumilikha ng kagandahan para sa kapwa. Nakikita niya lamang ang kagandahan ng kapwa at kapag natuklasan niya ito, lalo niyang pinagyayaman ito (Miranda, 1992.).

Sa sarili kong interpretasyon (Estrada-Claudio 2002) ang konsepto ng pakikipagkapwa ay isa namang makapangyarihang pangkontra sa diskurso ng *objectification* na likas sa maraming teorya ng pagkatao sa sikolohiyang kanluranin. Sa aking pananaw, ang kanluraning konsepto ng "*self and other*" ang sikolohikal na batayan para sa isang diskursong ginagawang bagay na lamang ang isang babae. Ang punto ko'y mahirap mag-*objectify* ng ibang tao, kung ang pagkatao ay hindi pansarili nguni't binubuo sa pamamagitan ng pakikipagkapwa.

## **Panawagan**

Gawain natin bilang sikolohista ang lumahok sa sariling kultura at lumikha ng isang pandaigdigang kultura na nagmumula sa tunay na mithiin at diwa ng sangkatauhan. Upang makamit ito, marapat na labanan ang mga salik ng kultura na ipinapataw ng ekomikong globalisasyon.

Nguni't sa panawagan kong ito, mamarapatin kong ulitin ang isang punto na matagal ko ng pinanghahawakan bilang isang peministang tagataguyod ng sikolohiyang Pilipino. Hindi sapat na

buhayin natin ang mga sinaunang tradisyon na walang kritikal na pagsusuri na nakabatay sa kasalukuyang kalagayan. Sa aking palagay, ang kultura'y isang buhay na bagay na ipinapasa sa sumusunod na salinlahi upang sila ay mabuhay at umunlad. Ang ibig sabihin nito ay inaasahan ng mga susunod na salinlahi na iangkop natin sa mga kasalukuyang problema at oportunidad ang ipapasang mga tradisyon. Karapatan at tungkulin natin na sariwain ang kultura at gawing makabago habang nagbabago ang takbo ng lipunan. Ang punto ko'y habang mahalagang balikan ang katutubong konspeto, hindi puede itong itaguyod na lamang ng walang pagbabago. Bilang peminista nakikita ko ang nakakatakot na pundamentalismo sa relihiyon at kultura ng ilang kilusang nasyonalista na lumalaban sa globalisasyon. Ang mga pundamentalistang tunguhin ay gusto lamang bumalik sa mga sinaunang kultura na markado rin ng karahasan, kawalan ng demokrasya at pagsikil sa karapatan ng kababaihan.

Kaya't dapat balikan ang konspeto ng kagandahang loob at pakikipagkapwa upang humubog ng makabagong konsepto ng kagandahan. Isang konsepto na ipagpapatuloy ang pagtuklas ng babae ng sariling dinaramdam, pagnanasa, libog, karapatan.

Kailangang ugatin ang konseptong ito sa karanasan ng milyun-milyong kababaihang Pilipino na nararanasan ang kanilang katawan bilang malakas sa paggawa, pagod sa paglitrabaho, masakit dahil sa pang-aabusong sekswal, maluwalhati sa sekswalidad. Kailangang ugatin ang konspeto ng kagandahang loob sa kapasidad ng isang babaeng mahalina ang sarili, ang mga kaibigan, pamilya at sangkatauhan. Ugatin din dapat ito sa karapatan ng babaeng tanggihan ang romansa o sekswal na relasyon, o di kaya'y bigyang daan ang pagnanasa para sa isang lalaki o sa kapwa babae.

Bilang isang bayan, kailangan nating sariwain ang kagandahang loob para sa kapwa upang makamit ang sapat ang pagkain, pamamahay, edukasyon, kalusugan at kapayapaan sa loob at labas ng mga tahanan. Nais kong bigyang diin na ang kaganapan ng pambansang kaunlaran ay hindi makakamit kung hindi rin natin maibigay sa ating sarili ang kaganapan ng pagnanasa para sa mga pantay at mapagmahal na relasyon. Ito dapat ang diwa ng ating mga konspeto ng kagandahan at kagandahang loob.



**Mga Sanggunlan**

- Appadurai, Arjun. "Global Ethnoscapes: Notes and Queries for a Transnational Anthropology." Migration, Diasporas and Transnationalism. Ed. S. Vervotec and R. Chen. Cheltenham UK and Northampton Ma: Edward Elgar Publishing Inc. 1999. 463-483
- BMA, Board of Science and Education. Eating Disorders, Body Image and the Media. 2000.
- Chua, Y. "Glossies, In Excelsis." The Investigative Reporting Magazine. Vol X. No. 3 Philippine Center for Investigative Journalism. July-September 2004.
- Enriquez, V. E. "Indigenous Personality Theory" Indigenous Pyschology: A Book of Readings. Ed. Enriquez. Quezon City: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, 1990.
- Estrada-Claudio, S. "Les Rencontres internationales sur la santé des femmes: continuité et expression d'identités multiples." Lien social et Politiques-RIAC, 58, Les solidarités sans frontières. Entre permanence et changements. Montreal: Autumn 2007. 155 to 162.
- Estrada-Claudio, S. Rape, Love and Sexuality: The Construction of Woman in Discourse. Quezon City: UP Press, 2002.
- Faludi, S. Backlash, New York: Crown, 1991
- Gauntlett, D. Media Gender and Identity. London: Routledge, 2002.
- Klein, N. No Logo. Harper Collins, 2002.
- Miranda, Dionisio, M., SVD. Buting Pinoy Probe Essays on Value as Filipino Manila: Logos Publications, 1992.
- Miranda, Dionisio, M., SVD. Loob: The Filipino Within. Manila: Divine Word Publications, 1988.
- Wolf, N. The Beauty Myth. First Anchor Books Edition, 1992.